

## Komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante: *Lesson Exemplar*

Manglapus Jr., Manuel C.

Cebu Normal University - Main Campus, Philippines ([manglapusm@cnu.edu.ph](mailto:manglapusm@cnu.edu.ph))

Rebamonte, Geraldine C. ✉

Cebu Normal University - Main Campus, Philippines ([rebamonteg@cnu.edu.ph](mailto:rebamonteg@cnu.edu.ph))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received:** 5 May 2026

**Available Online:** 20 June 2026

**Revised:** 15 June 2026

**DOI:** 10.5861/ijrse.2026.26833

**Accepted:** 18 June 2026

### ***Abstract***

The general objective of the study was to assess the communicative competence of foreign students at Cebu Doctors' University in order to develop a lesson exemplar. The study employed a combination of qualitative and quantitative methods in analyzing the data to address the research problems. A checklist and rubric were used in evaluating communicative competence based on the respondents' reading of a speech. After a thorough analysis of the data, it was found that the number of male respondents was higher. The findings also revealed that most of the foreign students at Cebu Doctors' University came from non-native English-speaking countries. Meanwhile, regarding the length of stay of foreign students in the Philippines, the majority answered 1 to 4.5 years. English was identified as the primary language used and understood by the foreign students. The overall communicative level was rated as good, and a large percentage of the students were bilingual. It was discovered that the longer the students stayed in the Philippines, the higher their proficiency in Filipino communicative competence became. The study confirmed the need for teachers to have knowledge about the level of oral communicative competence in order to provide effective learning activities through modifications that consider the learners' level of skills and knowledge in the target language.

***Keywords:*** foreign students, communicative competence, Lesson Exemplar

## Komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante: *Lesson Exemplar*

### 1. Abstrak

Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay masuri ang komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante ng Cebu Doctors' University upang makabuo ng lesson exemplar. Ito ay kombinasyon ng kwalitatibo at kwantitatibong pamamaraan sa pagsusuri ng mga datos upang mabigyang kasagutan ang mga suliranin. Gumamit ng tseklisat at rubriks sa pagsusuri sa komunikatibong kompetensi batay sa pagbasa ng respondente sa isang talumpati. Pagkatapos ng masinsinang pagtatasa sa mga datos, natuklasan na mas nakalalamang ang bilang ng mga lalaking respondente. Natuklasan rin na ang mga banyagang estudyante ng Cebu Doctors' University ay nakahihigit at mas marami ang nagmula sa hindi Ingles ang katutubong wika (Non-native English speaking countries). Samantala, sa tagal o taon ng pananatili ng mga banyagang estudyante sa Pilipinas, pinakamaraming nakakuha ang sumagot ng 1 hanggang 4.5 taon. Ang pangunahing wikang ginamit at naunawaan ng mga banyagang estudyante ay Ingles. Ang kabuoang komunikatibong antas ay mahusay at malaking bahagdan ng mga estudyante ay mga bilingguwal. Nadiskubre na kung mas mahaba ang panahon ng pananatili sa Pilipinas ng estudyante ay mas mataas ang kanilang kahusayan sa komunikatibong kompetensi sa Filipino. Napatunayan na ang pangangailangan ng guro ng kaalaman tungkol sa antas ng pasalitang komunikatibo upang maibigay ang epektibong gawaing pampagkatuto sa pamamagitan ng modipikasyon, batay sa pagsasaalang-alang sa antas ng kasanayan at kaalaman ng itinuturong wika.

**Mga Susing Salita:** banyagang estudyante, komunikatibong kompetensi, kwalitatibo, kwantitatibong, lesson exemplar

### 2. Introduksiyon

Sa datos ng Commission on Higher Education (CHED) at Project Atlas ay tinatayang 8,208 banyagang estudyante ang naitala sa akademikong taong 2015-2016 (Macha, 2018). Patunay ito na ang mga guro ay dapat pantay na makiangkop sa mga pangangailangan ng kanyang mga estudyante upang maging epektibo ang kanyang pagtuturo. Ang pagkakaroon ng mga banyagang estudyante sa isang bansa ay mayroong malaking epekto sa iba't ibang aspekto ng lipunan lalong-lalo na sa proseso ng pagkatuto. Pinatunayan ito sa inilimbag ni Ward (2001) kung saan ayon sa kanya, ang mga impak ng pagkakaroon ng mga banyagang estudyante ay ang impak sa interaksyon sa ibang estudyante, klasrum, institusyon at maging ang estratehiya na ginagamit ng guro sa pagtuturo. Isa sa mga asignaturang apektado at kailangan ng inobasyon ang pamamaraan ng pagtuturo sa mga banyagang estudyante ay ang Filipino. Mayroong mga pamantasan na ang klase ay napapalooban ng ilang mga banyagang estudyante lamang. Sa sitwasyong marami na ang mga banyagang estudyante sa klase o kurso ay nirerekomenda ng guro na bumuo ng iskedyol para sa *Special Class* sa Filipino dahil mas mapagtutuhan ng pansin ang pangangailangan ng mga estudyante para sa makabuluhang pagkatuto ng pangalawang wika.

Isa sa mga pamantasang mayroong *Special Class* sa Filipino ay ang Cebu Doctors' University (CDU), mahigit 20 taon nang *course offering* ang *Special Class* na ito. Sa kasalukuyang kurikulum na K-12, mayroong panibagong baitang na itinuturo sa CDU ang asignaturang Filipino at ito ay sa Senior High School na kinabibilangan pa rin ng mga banyagang estudyante na naging dahilan upang ituro ang asignatura sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pampagkatuto at komprehensibong talakayan. Bagama't matagal na ang *special class* sa Filipino sa antas kolehiyo ay kinakailangan pa rin ito ng pagpapaunlad sapagkat sa paglipas ng panahon ay nagbabago ang pangangailangan ng mga banyagang estudyante. Sa kabilang banda, kabilang ang Senior High na mga estudyante sa pag-aaral na ito upang mas mapagtibay ang mga datos na nakalap dahil kakaunti lamang ang mga banyagang estudyante sa institusyon dahil sa pandemya. Ang kolehiyo at Senior High na mga banyagang estudyante ay may mga pangangailangang dapat tugunan dahil sa mga pagbabago sa kurikulum, target na wika at iba pang salik na nakaaapekto sa proseso ng pagkatuto.

Hindi maiwawaglit na mayroon pa ring hamon na kinakaharap sa pagtuturo ang mga guro sa mga banyagang estudyante dahil ang bawat isa sa kanila ay nagmula sa iba't ibang lugar na mayroong iba't ibang antas ng kasanayan at kaalaman sa wikang Filipino, kung kaya't nabuo sa isipan ng mananaliksik ang kahalagahan na makabuo ng mga *lesson exemplar* at ang susi sa pagbuo nito ay sa pamamagitan ng pagkilala at pagsusuri sa komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante. Kaunting datos lamang at mga pagsusuri ang nailathala tungkol sa kakayahang komunikatibo ng mga banyagang estudyante sa wikang Filipino, kung kaya't sa pananaliksik na ito ay susuriin at kikilalanin ang komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante upang makabuo ng *lesson exemplar* na siyang magiging gabay ng mga guro upang mas maging epektibong maituro ang asignaturang Filipino sa kolehiyo at Senior High.

Ang katagumpayan sa pagsusuri sa komunikatibong kompetensi ay ibinatay sa mga teorya nina Bandura (2006) at Hymes (1972), sinusuportahan naman ito ng teorya nina Chomsky (1965) at B.F Skinner (1957), Swain at Canale (1980), Stefanova (1999).

*According to Bandura (2006), self-efficacy is individual's judgment of his or her capability to organize and execute courses of action to attain designated goals. In the context of second language learning and use, self-efficacy is believed to influence learners' motivation and learning as it mediates between learners' aptitude, past achievements and subsequent performances.*

Sa paliwanag ni Bandura, nabigyang-diin ang kahalagahan ng indibiduwal na malaman ang sariling kakayahan upang makamtan ang layunin. Ang pagkilala sa sarili ay nakapagbibigay ng pagkakataon sa isang tao na makapaghanda kung ano ang nararapat na gawing epektibong hakbang tungo sa pagkamit ng inaasahang resulta. Sa pagkatuto at paggamit ng pangalawang wika ay pinaniniwalaan na ang pagkilala sa sariling kakayahan ay naiimpluwensiyahan ang motibasyon ng indibiduwal dahil mayroon itong kaugnayan sa pagtukoy sa kapasidad, nakalipas na tagumpay at estado ng mga gawain ng isang tao.

Binanggit sa pananaliksik ni Narag-Maggudayao (2017):

*Canale and Swain (1980), structuralized four categories in Communicative Competence. However, three categories – Linguistic, Discourse and Sociolinguistic have been considered quantifiably since Strategic Competence Test must be given full attention and it has to be observed interactively.*

Ang komunikatibong kompetensi ay nasusukat sa pamamagitan ng pagsusuri sa kakayahang linggwistika at kakayahang diskorsal. Dahil limitado ang impormasyong makakalap sa kakayahang diskorsal sa mga respondente dahil bago pa lamang sila sa pagkatuto ng wikang Filipino ay tanging kakayahang linggwistika ang bibigyan ng pansin sa pananaliksik, hindi rin isinali ang kakayahang istratediyik sapagkat walang katiyakan ang pagsukat dito sa kwantitatibong pamaraan sa sapagkat interaktibo ang pag-oobserba rito kung kaya't maaaring maging sabhektibo ang pagsukat dito.

Sa kabilang dako, isinali ang teorya ni Hymes (1972) dahil siya ang pinakaunang gumamit ng salitang *communicative competence* o komunikatibong kompetensi na ayon sa kanya:

*“The perspective associated with transformational generative grammar has two parts: Linguistic Competence (the tacit knowledge of language structure) and Linguistic Performance (the process of applying the underlying knowledge to the actual language use).”*

Nangangahulugan lamang ito na ang pundasyon sa pagkamit ng komunikatibong kompetensi ay ang kaalaman ng isang tao sa gramatika kung saan ang kaalamang panggramatikang ito ay magsusuporta sa mga gawaing pangkomunikasyon. Dagdag pa ni Stefanova (1999):

*“Pronunciation is one of the main prerequisites for successful speech communication and to*

*achieve it the learners need to build habits of pronunciation themselves the foreign sounds, especially those that are difficult and different from their native language”*

Patunay ang ideya ni Stefanova na ang isang banyagang nag-aaral ng panibagong wika ay kinakailangan ng isang matibay na pundasyon sa pagbigkas ng salita mula sa wikang gusto niyang matutuhan. Sapagkat ang tamang pagbigkas ng salita sa aktwal na pakikipagtalastasan ay napakahalaga upang maunawaan ka ng iyong kausap, kahit wasto man ang gramatika na ginamit ng isang tao sa pakikipag-usap ay hindi pa rin ito mapapakinabangan kung hindi maintindihan ang salitang binibigkas ng nagsasalita rito.

Isinasaad naman ni Chomsky (1965) sa kanyang argumento kay Hymes batay sa kompetensi sa wika na:

*“To characterize the abstract abilities of the speaker listener which enable him to produce grammatically correct sentences”*

Samakatuwid, ang teorya ni Chomsky ay nakapokus sa kompetensi sa tamang paggamit ng gramatika sa wikang sinasalita. Sa madaling sabi, ang mga pananaw ni Hymes at Chomsky ay sumasang-ayon na hindi mawawala ang kakayahang gramatikal sa komunikatibong kompetensi. Sumusuporta naman ang teorya ni B.F Skinner kung saan ang pagkamit sa komunikatibong kompetensi ay sa pamamagitan ng *reinforcement*, isa sa mga *reinforcement* upang malinang ang wikang Filipino ay ang mga batas na nag-iimplementa rito.

Mula sa pananaw ni Skinner tungkol sa pagkatuto at paglinang sa wika ay hindi naman ito sinang-ayunan ni Chomsky sapagkat ayon sa kanya na ang isang tao ay pinanganak na may pangunahing kaalaman at hindi na kailangan pang matutuhan ang pangunahing kaalaman dito. Naniniwala si Chomsky na ang pagkatuto ng wika ay *biologically inherited* samantalang sa teorya ni Skinner, ang pagkatuto ng wika ay sa pamamagitan ng *positive reinforcement* upang ang isang bata ay matuto tungo sa matatas na pagsasalita ng wika. Ang dalawang teorya ni Skinner at Chomsky ay ilan lamang sa mga teorya sa pagkatuto ng wika tungo sa pagkahubog ng komunikatibong kompetensi. Bilang dagdag, ang komunikatibong kompetensi ay isa sa mga salik rin sa pagkatuto ng wika, sapagkat ito ay bahagi ng dating kaalaman nila sa wikang dapat matutuhan.

Ang mga banyagang estudyante sa asignaturang Filipino ay walang pundasyon sa kaalaman o karanasan sa paggamit at pagkatuto ng wikang Filipino. Sa kabilang dako, may tatlong uri ng mga dayuhang estudyante sa Pilipinas; (1) yaong mga Pilipino ang magulang na ipinanganak at nanirahan sa ibang bansa (2) yaong ina o ama lamang ang Pilipino na ipinanganak at nanirahan sa ibang bansa (3) walang dugong Pilipino (Taylan, 2017).

**Layunin ng Pag-aaral** - Ang pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay masuri ang komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante ng Cebu Doctors' University upang makabuo ng *lesson exemplar*. Tiniyak sa pag-aaral na masagot ang sumusunod: (1) propayl: (1.1) kasarian; (1.2) bansang pinagmulan; (1.2.1) bansang Ingles ang katutubong wika; (1.2.2) bansang hindi Ingles ang katutubong wika; (1.3) tagal o taon sa Pilipinas; (1.4) wikang nauunawaan at sinasalita; (1.4.1) monolingguwal; (1.4.2) bilingguwal; (1.4.3.) multilingguwal. (2) eksposyur sa wikang Filipino; (3) pagsusuri sa pasalitang komunikatibo; (4) kaugnayan ng propayl sa pasalitang komunikatibo; (5) kaugnayan ng eksposyur sa pasalitang komunikatibo; at (6) *lesson exemplar*.

### 3. Metodolohiya

**Disenyo ng Pag-aaral** - Ginamitan ng kombinasyong kwalitatibo at kwantitatibong pamaraan sa pagsusuri ng mga datos upang mabigyang kasagutan ang mga suliranin. Sa kwantitatibong pamaraan ay ginamitan ng istatistika upang makita ang kaugnayan ng propayl sa pasalitang komunikatibo at kaugnayan ng eksposyur sa pasalitang komunikatibo. Sa kwalitatibong pamaraan naman, sinuri ang mga propayl ng respondente, eksposyor sa wikang Filipino at komunikatibong kompetensi.

**Kaligiran ng Pag-aaral** - Ito ay isinagawa sa Cebu Doctors' University sa North Reclamation Area, Mandaue City. Ito ay mayroong iba't ibang *undergraduate* program na kinabibilangan ng *College of Dentistry*,

*College of Optometry, College of Nursing, College of Rehabilitative Sciences, College of Allied Medical Sciences, College of Pharmacy, College of Arts and Sciences at Senior High School.* Mayroon din itong *Foreign Student's Office* na nabuo upang tugunan ang paglaki ng pangangailangan ng mga banyagang estudyante para sa kalidad na edukasyon sa larangan ng medisina. Sa paglipas ng panahon, nakamit ang reputasyon bilang isa sa mga pinakarespetadong paaralan sa larangan ng medisina sa Pilipinas kaya naman ang bilang ng banyagang estudyante ay patuloy na tumataas. Sa kasalukuyan, mahigit tatlong daang banyagang estudyante ang *enrolled* taon-taon mula sa iba't ibang panig ng Asya, America, Australia, Africa at Europe kung saan kasabay na nakikipag-ugnayan sa iba pang lokal na estudyante (Cebu Doctors' University, 2019).

**Respondente ng Pag-aaral** - Ang respondente ay mga banyagang estudyante na mula sa iba't ibang kolehiyo at departamento kagaya ng College of Dentistry, College of Optometry, College of Nursing, College of Rehabilitative Sciences, College of Allied Medical Sciences, College of Pharmacy, College of Arts and Sciences at Senior High School. Ang bilang ng respondente ay 80 at upang maging kwalipikado ang mga ito sa pananaliksik ay kinakailangang matukoy ang mga banyagang estudyante sa asignaturang Filipino kung nabibilang sa isa sa sumusunod na kondisyon; (1) Pilipino ang magulang na ipinanganak at nanirahan sa ibang bansa (2) ang ina o ama lamang ang Pilipino na ipinanganak at nanirahan sa ibang bansa at (3) walang dugong Pilipino (Taylan, 2017).

**Instrumento ng Pag-aaral** - Ang pag-aaral ay gumamit ng tseklist at rubriks sa pagsusuri sa komunikatibong kompetensi batay sa pagbasa ng respondente sa isang talumpati. Ang tseklist na ito ay adaptasyon mula sa pag-aaral ni Magno (2009) tungkol sa "*Assessing the Level of English Language Exposure of Taiwanese College Students in Taiwan and the Philippines*". Sa unang bahagi ng pangangalap ng datos, ginamit ang tseklist upang makalap ang propayl ng mga banyagang estudyante, kabilang na rito ang kasarian, bansang pinagmulan, nasyonalidad at wikang nauunawaan at sinasalita, dagdag na rin ang 23 aytem sa tseklist kung saan kakalapin ang eksposyor sa wikang Filipino: sa bahay, kaibigan, paaralan, kaklase o midya. Mayroon din itong balidasyon sa nilalaman sa tulong ng dalawang ekspertong guro sa asignaturang Ingles at dalawang eksperto sa Sikolohiya na ang espesyalisasyon ay sikolingguwistika. Dagdag pa rito ay mayroon itong internal na konsistensi gamit ang *Cronbach's alpha* na may mataas na reabilidad na .91 mula sa *pre-test* ng mga respondente.

**Paraan ng Paglikom Datos** - Isang liham ng kahilingan sa pag-aaral ay nalikha upang maaprubahan ng *University President*, pagkatapos ay pinalagdaan ito sa mga Dekana ng bawat kolehiyo para sa iskedyl ng pagsagot ng mga banyagang estudyante. Sa pangangasiwa sa pagpapasagot ng tseklist ay nasa anyong *google forms* at ang pagpapabasa ng talumpati ay ginawa sa loob ng 10-15 minuto at ginamit ang *Learning Management System (LMS)* ng pamantasan upang masiguro na mayroong *access* ang lahat ng respondente at masiguro ang seguridad ng mga datos gayundin pribado ang isinagawang *audio recorded* na pagbabasa sa mga respondente.

**Paraan ng Pagsusuri** - Ang mga datos na kinalap mula sa propayl at eksposyor sa wika ng banyagang estudyante ay sinuri sa pamamagitan ng kwalitatibong pamamaraan. Ang komunikatibong kompetensi ay sinuri sa tulong ng rubriks. Ito ay maingat na sinuri, pinag-ugnay-ugnay at binigyan ng interpretasyon. Mayroon ding *inter-rater* upang masiguro ang balidasyon ng datos gamit ang rubriks sa pagsuri ng pasalitang komunikatibo. Ang istadistikang ginamit sa pag-aaral na ito ay *percentage* at *weighted mean*. Ginamitan din ng *Chi-square Correlation* para sa pag-uugnay sa propayl at eksposur sa pasalitang komunikatibo.

**Etikal na Konsiderasyon** - Ang pag-aaral na ito ay dumaan sa Etikal Komite upang isinasaalang-alang ang mga kinakailangang etikal na konsiderasyon sa pagsagawa ng pananaliksik, kasama rito ang sumusunod: ang katapatan, kalidad, legalidad, integridad, kaalaman na pahintulot, kusang pakikilahok, benepisyo, pagiging kompidensiyal, pagiging hindi nagpapakilala (*privacy*), insentibo o kabayaran, obhektibo at salungatan ng interes, intelektuwal na pag-aari at iba pa.

## 4. Resulta ng Pag-aaral

### 4.1 Propayl ng mga Respondente

Ang talahanayan 1 ay nagpapakita sa propayl ng mga respondente na kinabibilangan ng kasarian, bansang pinagmulan, nasyonalidad, tagal o taon sa Pilipinas, wikang ginagamit at nauunawaan. Binubuo ito ng 32 banyagang estudyante. Siniguro sa pagkalap ng mga datos sa propayl ang katiyakan sa pagkuha ng mahahalagang impormasyon at ito ay natamo sa pamamagitan ng pagpapangkat-pangkat ng mga datos sa kahilangang kakaunti lamang ang mga respondente.

#### Talahanayan 1

##### Propayl ng mga Respondente

Kasarian	f	%
Lalaki	19	59.37
Babae	13	40.63
Bansang Pinagmulan		
Bansang Ingles ang Katutubong Wika (Native English Speaking Countries)	8	25
Bansang Hindi Ingles ang Katutubong Wika (Non-native English Speaking Countries)	24	75
Tagal o Taon sa Pilipinas		
1-4.5 taon	13	40.625
4.5-8.5 taon	7	21.875
higit 8.5 taon pataas	11	34.375
Walang Sagot	1	3.125
Wikang nauunawaan at sinasalita		
Monolingguwal	1	3.125
Bilingguwal	18	56.25
Multilingguwal	13	40.625

Sa kasarian, makikitang mas marami ang bilang ng mga lalaking banyaga na umabot sa 19 na may 59.37 bahagdan. Lahat ng respondente ay inirekomenda ng kani-kanilang guro mula sa iba't ibang asignatura upang makilahok sa pag-aaral. Madali lamang maalala ang nagrekomendang guro sa mga lalaking banyaga sapagkat ang bawat klase na pinagmulan ng mga banyagang estudyante ay mayroong mas maraming bilang ng mga babae at natukoy ang mga lalaking banyaga dahil madalas nakikipaghalubilo o sumasama sa mga lalaking Pilipino. Ginawang batayan rin sa pagtukoy ng mga guro kung sino-sino ang mga banyaga sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga kaklase ng banyagang estudyante, pag-alala sa pisikal na anyo ng estudyante o paraan ng pagsasalita at pakikisalamuha ng estudyante.

Sa pagkalap ng datos, natukoy na ang mga respondente ay nagmula sa 15 mga bansa; *Alemanya, Amerika, Australya, Indiya, Iran, Japan, Kuwait, Nigeria, Pilipinas, Saudi, Arabia, Singapore, Timog Korea, Tsina, United Arab Emirates* at *United Kingdom*. Ang mga bansang ito ay hinati sa dalawang kategorya: bansang Ingles ang katutubong wika (*native English speaking countries*) at bansang hindi Ingles ang katutubong wika (*Non-native English speaking countries*). Nanguna ang bansang hindi Ingles ang katutubong wika sa datos na nakalap na mayroong bilang na 24 o 75 bahagdan na banyagang estudyante.

Sang-ayon sa resultang ito ang pananaw nina Taylan (2017) at McNeill (2014), kung saan ang mga pangunahing dahilan kung bakit nag-aaral sa Pilipinas ang mga banyagang estudyante mula sa mga bansang ito ay dahil sa sumusunod: *Internationally-accredited* ang ilang paaralan sa bansa, kabilang dito ang mga kolehiyo at unibersidad; malaki ang katumbas ng pera ng mga banyaga sa pera ng Pilipinas; mayaman ang bansa sa mga lugar ng *recreation* at pasyalan; nagsasalita sa Ingles ang mga Pilipino; Ingles ang wikang panturo sa halos lahat ng asignatura maliban sa Filipino; nasa Pilipinas ang mga pagkain sa buong daigdig dahil sa iba't ibang *restaurant* gaya ng *Thai, Japanese, Indian, Chinese, Italian, American*, at iba pang *western foods*; mabilis at madaling *visa application* at higit sa lahat ang mabuting ugali ng mga Pilipino sa mga dayuhan.

Ang bilang naman ng mga estudyante sa bansang Ingles ang katutubong wika ay walo na mayroong 25 na bahagdan. Ito ay kaunti lamang sa dahil mas marami ang bilang ng mga bansa na hindi katutubo ang wikang Ingles at sinabayan pa ito ng pandemya kung saan kaunti lamang ang banyagang estudyante na kumuha ng *visa*. Iniulat ng Kawanihan ng Pandarayuhan ang bilang ng mga banyagang estudyante sa bansa ay bumaba noong 2020 dahil sa COVID-19 ([www.cnnphilippines.com](http://www.cnnphilippines.com)). Hadlang din kung bakit ang isang estudyante ay ayaw mag-aral sa ibang bansa dahil sa sumusunod na dahilan: ang gastusin sa pag-aaral, kakulangan ng suporta mula sa pamilya, kahirapan sa paghahanap ng kurikulum na may kakaunting pagkakaiba sa kurikulum ng bansang pinagmulan at personal na relasyon (Deviney et.al, 2014). Mahalagang matukoy ang bansang kinabibilangan ng banyagang estudyante, kung ito ba ay bansang Ingles ang katutubong wika o bansang hindi Ingles ang katutubong wika sapagkat ang wikang Ingles ay tinuturing na pandaigdigang wika at ginagamit upang magkaintindihan ang dalawang tao na mayroong magkaibang taal na wika.

Ayon kay Nair (2022), ang wikang Ingles bilang pangalawang wika ay mayroong maraming benepisyo sa isang tao. Nagbibigay ito ng maraming oportunidad, ilan na rito ay ang pagpasok sa mga tanyag na pamantasan. Kung ang estudyante ay mula sa bansang hindi Ingles ang katutubong wika ay maaaring makapasok sa mga pamantasan na may libreng matrikula at higit sa lahat, nakatutulong ang wikang Ingles na upang makihalubilo sa mga taong nagsasalita na Ingles rin ang wika. Nangangahulugan na magiging kalakasan ng mga banyagang estudyante ang kasanayan at kaalaman sa wikang Ingles upang matutuhan ang wikang Filipino.

Ipinapakita rin sa talahanayan ang tagal o taon ng mga respondente sa Pilipinas kung saan ang may pinakamataas na bilang ay ang 1 hanggang 4.5 taon na kinabibilangan ng 13 estudyante, batay sa karanasan ng mananaliksik at guro rin ng Cebu Doctors' University, mataas ang bilang ng 1 hanggang 4.5 taon sapagkat ang banyagang estudyante sa taong ito ay naisipang kumuha ng *Pre-Medicine* na kurso dito sa Pilipinas samantalang ang dahilan kung bakit mataas rin ang bilang ng higit 8.5 taon pataas na pananatili ng banyagang estudyante ay nabibilang sila sa dalawahang nasyonalidad (*dual citizen*), isa sa kanyang mga magulang o ang kanyang mga magulang ay Pilipino at maaari ding dito kinuha ng banyagang estudyante ang *Pre-Medicine* na kurso at kursong Medisina sa Pilipinas. Ang ibang banyagang estudyante naman ay nabibilang sa 4.5-8.5 taon ng pananatili, maaaring naputol ang kanilang pag-aaral dahil sa mga personal na mga dahilan at pagproseso sa dokumento o *student visa* na nakabatay sa Section 9 (f) of the *Philippine Immigration Law*, na inamendahan ng *Executive Order No. 423* upang patuloy na makapag-aral sa Pilipinas.

Ang wikang ginagamit at wikang nauunawaan naman ng mga banyagang estudyante ay hindi maaaring masuri kung gamit ang istatistika. Masusuri ito kung ; iisa-isahin ang pagproseso sa mga wikang nakalap dahil binubuo ito ng mga deskriptibong tugon. Gayun pa man, nagamit ang mga datos na nakalap sa pagproseso gamit ang istatistika sa pamamagitan ng pagpapangkat nito sa tatlo: ang monolingguwal, bilingguwal at multilingguwal. Naitala na pinakamababa ang bilang na monolingguwal na banyagang estudyante na kinabibilangan lamang ng isa na mayroong 3.125 na bahagdan, sinundan ito ng multilingguwal na kinabibilangan ng 13 banyagang estudyante at mayroong 40.625 na bahagdan at ang pinakamataas naman ay ang bilingguwal na kinabibilangan ng 18 na banyagang estudyante na mayroong 56.25 bahagdan. Mahalagang matuto sa higit sa isang wika ang isang tao sapagkat nakatutulong ito sa propesyon, pinapaunlad din nito ang memorya at isipan, at mas nagbibigay ito ng pagkakataon na mas maunawaan ang kasalukuyang wika na tapos nang matutuhan. Sa pagkatuto ng panibagong wika ay napipilitan ang utak ng isang tao na maging pamilyar sa bagong balarila at alituntunin sa bokabularyo. Ito nagbibigay pagkakataon na mahasa ang memorya upang matandaan, mapag-ugnay at magamit ang iba't ibang salita sa mga kontekstuwal na sitwasyon. Ang mga multilingguwal na tao ay mayroon abilidad na gamitin ang iba't ibang wika kung saan nakatutulong ito na makagawa ng iba't ibang gawain sa isang itinakdang panahon. Nakatutulong ang pagkatuto ng panibagong wika upang makipagtalastasan gamit ang bagong wika sa mga kasamahan sa akademya at makisangkot sa mga akademiko at hindi akademikong gawain (Middlebury Language Schools, 2020). Ipinahihiwatig nito na mas maraming wikang alam ay mas mainam upang maging matagumpay ang isang estudyante sa pagkatuto hindi lamang sa panibagong wika at pati na rin ang iba pang gawaing pang-akademiko.

#### 4.2 *Antas ng Eksposyur sa wikang Filipino*

Ipinapakita sa talahanayan 2.1 hanggang 2.5 ang antas ng eksposyur sa wikang Filipino ng mga banyagang estudyante sa tirahan, mga kaibigan, paaralan at midya. Ang bawat nakalap na datos ay mayroong interpretasyon na Kaunting Eksposyur na mayroong 1.00 hanggang 2.66 bahagdan, Katamtamang Eksposyur na mayroong 3.34 hanggang 5.00 bahagdan at Madalas na Eksposyur na mayroong 3.34 hanggang 5.00 bahagdan.

##### **Talahanayan 2.1**

###### *Antas ng Eksposyur sa Tirahan sa Wikang Filipino*

Aytem	Mean	SD	Interpretasyon
<b>Tirahan</b>			
1. Ang aking mga magulang ay nagsasalita sa Filipino	2.66	1.6	Kaunting Eksposyur
2. Filipino ang isinasalita sa tahanan.	2.41	1.5	Kaunting Eksposyur
3. Filipino ang kumbersasyon ko sa aking pamilya.	1.97	1.23	Kaunting Eksposyur
Kasali ako sa mga gawaing gumagamit ng Filipino.	2.75	1.11	Katamtamang Eksposyur
	2.45	1.36	Kaunting Eksposyur

Sa Talahanayan 2.1 malinaw na makikita na ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* ang aytem bilang apat na nagsasabing kasali ang banyagang estudyante sa mga gawain sa tirahan ito ay may 2.75 *mean* at may katumbas na katamtamang eksposyur. Sa kabilang banda, ang pinakamababang *mean* naman ay ang aytem bilang tatlo na nagsasabing Filipino ang kumbersasyon sa pamilya na may 1.97 ang *mean* kung saan mayroon itong katumbas na kaunting eksposyur. Ang mga banyagang estudyante ay mas makakatipid kung sila ay magrerenta sa dormitoryo o *apartment*, kung kaya't masasabing hindi magastos kung mag-aaral ang isang banyaga sa Pilipinas (Hallmark Education Consultants International, 2022). Ang dahilan ng resultang ito ay kadalasan sa mga banyagang estudyante na nag-aaral sa Pilipinas ay hindi kasama sa tirahan ang kanilang mga magulang at kapatid, madalas silang naninirahan sa dorm, condominium o apartment na malapit sa paaralan kasama ang ibang mga Pilipinong mag-aaral na napipilitan silang makinig sa mga interaksyong Filipino ang wikang ginagamit.

##### **Talahanayan 2.2**

###### *Antas ng Eksposyur sa mga kaibigan sa wikang Filipino*

Aytem	Mean	SD	Interpretasyon
<b>Mga Kaibigan</b>			
5. Ang aking mga kaibigan ay nagsasalita sa Filipino	3.22	1.24	Katamtamang Eksposyur
6. Dumadalo ako sa mga pagtitipon na sinasalita ang Filipino	3.06	0.91	Katamtamang Eksposyur
7. Nakikipag-usap ako sa aking mga kaibigan sa Filipino.	2.44	1.08	Kaunting Eksposyur
	2.91	1.08	Kaunting Eksposyur

Makikita naman sa Talahanayan 2.2 na ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* ay ang aytem lima na nagsasabing kasali ang mga kaibigan ng mga banyagang estudyante na nagsasalita sa Filipino na may 3.22 ang *mean* ibig sabihin, mayroon itong katumbas na katamtamang eksposyur. Ang pinakamababang *mean* naman ay ang aytem pito na tungkol sa pakikipag-usap ng banyagang estudyante sa wikang Filipino sa kanyang mga kaibigan na may 2.44 ang *mean* kung saan mayroon itong katumbas na kaunting eksposyur. Kung ikukumpara ang aytem lima at pito, ay obserbasyon lamang ang nangyayari na eksposyur ang nakuha ng aytem lima kumpara sa aytem pito na kinakailangan ang paggamit o paglalapat sa wikang Filipino. Binanggit ni Bandura (1965), na ang pagkatuto ay hindi kinakailangang magbago ang behavior sapagkat maaari itong mangyari sa pamamagitan lamang ng obserbasyon. Patunay na bilang baguhan pa sa pagkatuto ng wikang Filipino ang mga banyagang estudyante ay mas marami ang kanilang obserbasyon sa wika kumpara sa paggamit nila rito. Ang mga obserbasyon na ito ay kanilang gabay upang mas matutuhan kung paano gamitin ang wika sa pamamagitan ng pagmamasid sa wastong bokabularyo, balarila at kontekstuwal na paggamit nito.

Inilahad sa Talahanayan 2.3 na ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* ang aytem 10 na nagsasabing ang aking kamag-aral ay nagsasalita sa Filipino na may 3.13 ang *mean* kung saan mayroon itong katumbas na katamtamang eksposyur. Ang unang wika ng mga Cebuano ay Bisaya, nangangahulugan ito na hindi wikang Filipino ang laging ginagamit ng mga estudyante sa paaralan at kasabay na rin dito ang kaalaman ng Pilipinong

estudyante sa ibang wika kagaya ng Ingles kung kaya't naging katamtamang eksposyur ang naging resulta sa mga datos na nakalap.

### Talahanayan 2.3

#### *Antas ng Eksposyur sa Paaralan sa wikang Filipino*

Aytem	Mean	SD	Interpretasyon
Paaralan			
8. Ang aking mga guro ay nagsasalita sa Filipino	3	1.02	Katamtamang Eksposyur
9. Ang mga gawain sa paaralan ay isinasagawa sa Filipino.	2.38	1.01	Kaunting Eksposyur
10. Ang aking mga kamag-aral ay nagsasalita sa Filipino.	3.13	1.13	Katamtamang Eksposyur
11. Ang aking paaralan ay hinihikayat ang mga mag-aaral na magsalita sa Filipino.	2.28	1.22	Kaunting Eksposyur
	2.7	1.1	Kaunting Eksposyur

Samantala, pinakamababang *mean* naman ay ang aytem 11 na tungkol sa panghihikayat ng paaralan sa mga estudyante na magsalita sa Filipino na 2.28 ang *mean* at mayroon itong katumbas na kaunting eksposyur. Lahat ng asignatura sa CDU ay mayroong midyum na Ingles maliban sa wikang Filipino at mas kilala ang paaralan sa pasilidad at itinuturong medikal na kurso nito kaysa sa wika at kultura kaya naging kaunti lamang ang eksposyur sa aytem 11. Bilang dagdag, sa pag-aaral ni Taylan (2017), hindi prayoridad ng mga banyagang estudyante na matutuhan ang wika at kultura. Gayun pa man, malaking bagay na epektibong maituro ng guro ang wika at kultura upang mas madaling matutuhan ang iba pang asignatura dahil ito ang susi sa interaktibong pagkatuto sa iba pang Pilipinong estudyante.

### Talahanayan 2.4

#### *Antas ng Eksposyur sa midya sa wikang Filipino*

Aytem	Mean	SD	Interpretasyon
Midya			
12. Ang midyum sa pagtuturo sa silid-aralan ay Filipino.	2.03	1.03	Kaunting Eksposyur
13. Ang chat ko online ay Filipino.	1.97	1.06	Kaunting Eksposyur
14. Ang pinapadala kong mensahe sa text ay Filipino.	2.19	1	Kaunting Eksposyur
15. Ang natatanggap kong mensahe sa text ay Filipino.	2.59	1.19	Kaunting Eksposyur
16. Ang binabasa kong webpages ay nakasulat sa Filipino.	1.66	0.79	Kaunting Eksposyur
17. Ang pinapakinggan kong awit ay Filipino.	2.28	1.17	Kaunting Eksposyur
18. Ang pinapanood kong pelikula ay Filipino.	1.78	0.91	Kaunting Eksposyur
19. Ang pinapanood kong palabas sa TV ay Filipino	1.63	0.83	Kaunting Eksposyur
20. Ang binabasa kong magasin ay nakasulat sa Filipino.	1.25	0.57	Kaunting Eksposyur
21. Ang binabasa kong pahayagan ay nakasulat sa Filipino	1.34	0.6	Kaunting Eksposyur
22. Ang aklat na binabasa ko ay nakasulat sa Filipino.	1.38	0.66	Kaunting Eksposyur
23. Ang impormasyon na binabasa ko ay Filipino.	1.84	1.08	Kaunting Eksposyur
	1.83	0.91	Kaunting Eksposyur

Ang lahat ng aytem ng Talahanayan 2.4 ay may interpretasyon na kaunting eksposyur, ganun pa man, nakakuha ng pinakamataas na *mean* ay ang aytem 15 tungkol sa pagtanggap ng mga banyagang estudyante ng *text* sa Filipino na mayroong 2.59 na *mean*. Samantalang ang pinakamababa naman na *mean* ay nasa aytem 20 na tungkol sa binabasang magasin ng banyagang estudyante ay Filipino na mayroong 1.25 na *mean*. Patunay ito na mas kilala ang pagbabasa ng mensahe sa *cellphone* kumpara sa pagbabasa ng magasin sa mga banyagang estudyante. Masasabi na ang paggamit ng *cellphone* ay nakapagbibigay motibasyon sa mga estudyante upang mapaunlad ang kanilang kompyansa sa sarili tungo sa matagumpay na pagkatuto sa wika (Hariry,2015).

### Talahanayan 2.5

#### *Kabuoang Antas ng Eksposyur sa wikang Filipino*

Aytem	Mean	SD	Interpretasyon
Tirahan	2.45	1.36	Kaunting Eksposyur
Mga Kaibigan	2.91	1.08	Kaunting Eksposyur
Paaralan	2.7	1.1	Kaunting Eksposyur
Midya	1.83	0.91	Kaunting Eksposyur
WEIGHTED MEAN	2.23	0.67	Kaunting Eksposyur

Legend: 1.00-2.66-Kaunting Eksposyur, 2.67-3.33-Katamtamang Eksposyur, 3.34-5.00-Madalas na Eksposyur

Ang Talahanayan 2.5 ay nagpapakita sa kabuoang *weighted mean* sa lahat ng aytem ay 2.23 (SD=0.67) na may interpretasyong “kaunting eksposyur”. Sa pangkalahatan, ang mga respondente ay mayroong kunting eksposyur sa wikang Filipino. Ang kabouang *standard deviation* sa lahat ng aytem ay mababa, nangangahulugan ito na ang mga puntos sa eksposyur ng wikang Filipino ay nagkukumpulan sa paligid ng datos ng *mean*. Sa bahagi ng bawat domeyn, lahat ng puntos sa *mean* ay mayroong interpretasyong “kaunting eksposyur”. Ang mga *standard deviation* para sa apat na domeyn ay mababa rin, ipinapakita nito na ang mga puntos ay magkakahiwalay sa paligid ng *mean*.

Ipinahihiwatig lamang ito na ang tahanan, mga kaibigan, paaralan at midya ay di nakatulong upang mahasa ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino, ito ay salungat sa pag-aaral ni Al-Zoubi (2018) tungkol sa "*The Impact of Exposure to English Language on Language Acquisition*" sapagkat natuklasan na mataas ang eksposyur ng mga estudyante sa wikang Ingles sa tahanan, mga kaibigan, paaralan at midya. Patunay ito na magkaiba ang antas ng pangangailangan sa wikang Filipino at Ingles mula sa perspektiba ng mga banyagang estudyante. Mas ginagamit ng mga banyagang estudyante ang wikang Ingles dahil mas madali silang nakapag-uusap sa ibang Pilipino at banyaga. Marami man ang dahilan kung bakit nag-aaral ang isang banyaga sa Pilipinas kagaya ng murang edukasyon at layuning matuto ng wikang Ingles, bibihira lamang ang may layuning matutuhan ang wikang at kulturang Filipino (Taylan, 2017). Ganunpaman, ang mga guro at magulang ng mga banyagang estudyante ay dapat magbigay ng kamalayan tungkol sa kahalagahan ng pagkatuto ng wika sa pamamagitan ng eksposyur sa wika gamit ang iba't ibang pamaraan upang mapaunlad ang pagkatuto sa wika (Al-Zoubi, 2018)

#### 4.3 Antas ng Pasalitang Komunikatibo

Ang komunikatibong kompetensi ay nasusukat kung ginagamit mismo ng tao ang wika. Isa sa mga paraan upang masuri ang komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante ay ang pagsuri sa pasalitang komunikatibo sa pamamagitan ng pagpapabasa ng talumpati.

#### Talahanayan 3

##### Antas ng Pasalitang Komunikatibo

	Mean	SD	Interpretasyon
Lakas ng Pagbigkas	1.94	1.01	Mahusay
Bilis ng Pagbigkas	1.75	0.8	Mahusay
Linaw ng Pagbigkas	1.84	0.88	Mahusay
Hinto ng Pagbigkas	1.72	0.81	Mahusay
Kabouang MEAN	6.261	2.508	Mahusay

Legend: 0%–30% - Di-Gaanong Mahusay, 31%– 100% - Mahusay; ICC3,K=0.931 (0.877:0.964) Mataas ang Reliabilidad

Ang talahanayan 3 ay nagpapakita na ang puntos ng *mean* sa antas komunikatibo ay mayroong interpretasyong mahusay (M=6.261). Nangangahulugan ito, na ang mga respondente ay marunong sa pasalitang komunikatibo sa Filipino. Ang puntos sa antas ng komunikatibong pasalitang pagbasa ay masyadong magkakahiwalay ang distribusyon kasabay nito ang mataas na *standard deviation* na 2.508. Ang mataas na *standard deviation* sa datos ay repleksyon na malaki ang bilang ng baryasyon sa mga puntos ng grupo sa bahagi ng pag-aaral. Sa isinagawang *intraclass correlation* gamit ang datos sa 32 banyagang estudyante na sinuri ng mananaliksik at dalawang guro ng CDU bilang inter-rater ay lumabas na ang estimadong ICC halaga nito ay 0.931 (Shrout & Fleiss, 1979). Ayon kay Koo at Li (2016), ang 0.90 pataas na halaga ay mayroong katumbas na mataas na reliabilidad (excellent reliability). Patunay ito na ang iskor na ibinigay ng mananaliksik ay maasahan kaugnay sa antas ng komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante. Ang resulta ng antas ng pasalitang komunikatibo ng mga banyagang estudyante ay mahusay, malaking tulong ang pagiging multilinggwal ng mga respondente sapagkat naging pundasyon nila ito upang mahusay na mabasa ang talumpati.

#### 4.4 Kaugnayan ng Propayl sa Pasalitang Komunikatibo

Ang pag-uugnay sa pagitan ng propayl at pasalitang komunikatibo ay napakahalaga sapagkat

binibigyang-diin nito ang mga maaaring salik kung paano matututo ang mga banyagang estudyante ng wikang Filipino. Makatutulong ito upang mas mapatibay ang mga Lesson Exemplar na magiging gabay sa epektibong pagkatuto sa wika. Inilahad sa Talahanayan 2.3 na ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* ang aytem 10 na nagsasabing ang aking kamag-aral ay nagsasalita sa Filipino na may 3.13 ang *mean* kung saan mayroon itong katumbas na katamtamang eksposyur. Ang unang wika ng mga Cebuano ay Bisaya, nangangahulugan ito na hindi wikang Filipino ang laging ginagamit ng mga estudyante sa paaralan at kasabay na rin dito ang kaalaman ng Pilipinong estudyante sa ibang wika kagaya ng Ingles kung kaya't naging katamtamang eksposyur ang naging resulta sa mga datos na nakalap. Ang pagkakaroon ng hindi *significant* na ugnayan sa pagitan ng kasarian at pasalitang komunikatibo ng mga banyagang estudyante ay nangangahulugan na kinakailangan ang pagbibigay ng pantay-pantay na mga gawain sa proseso ng pagkatuto sa dalawang kasarian. Sinasang-ayunan ng resultang ito ang pag-aaral ni Agu (2014) tungkol sa “*Gender and Language Acquisition*”, sapagkat lumitaw sa kanyang pag-aaral na hindi rin *significant* ang puntos na nakuha sa babae at lalaki sa isinagawang pagsusulit.

#### Talahanayan 4

##### *Chi-square Statistics Correlation sa pagitan ng Kasarian at Pasalitang Komunikatibo*

Kasarian		Di-Gaanong Mahusay	Mahusay	Total	<i>p-value</i>	Cramer's V
Babae	Bilang	10	3	13	0.835	0.043
	% sa loob ng hilera	76.923 %	23.077 %	100.000 %		
	Kabouang %	31.250 %	9.375 %	40.625 %		
Lalaki	Bilang	14	5	19		
	% sa loob ng hilera	73.684 %	26.316 %	100.000 %		
	Kabouang %	43.750 %	15.625 %	59.375 %		
Total	Bilang	24	8	32		
	% sa loob ng hilera	75.000 %	25.000 %	100.000 %		
	Kabouang %	75.000 %	25.000 %	100.000 %		

Nararapat na pagtuunan pa rin ng pansin ang pagkakaiba ng kasarian ng mga banyagang estudyante sa pamamagitan ng mga partikular na pagtatasa na tutulong sa guro na regular na mamonitor ang pagkakaiba sa mga napagtatagumpayang gawain ng bawat kasarian sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang estratihiya sa pagtuturo. Ito ay mahalagang sa maisagawa dahil ang sistema ng edukasyon ay dapat lumikha ng patas na oportunidad sa bawat indibidwal (OECD,2009).

#### Talahanayan 5

##### *Chi-square Statistics Correlation sa pagitan ng Bansang Pinagmulan at Pasalitang Komunikatibo*

Bansang Pinagmulan		Di-Gaanong Mahusay	Mahusay	Total	<i>P p-value</i>	Cramer's V
Bansang Ingles ang Katutubong Wika (Native English Speaking Countries)	Bilang	7	1	8	0.346	0.889
	% sa loob ng hilera	87.500 %	12.500 %	100.000 %		
	Kabouang %	21.875 %	3.125 %	25.000 %		
Bansang Hindi Ingles ang Katutubong Wika (Non-native English Speaking Countries)	Bilang	17	7	24		
	% sa loob ng hilera	70.833 %	29.167 %	100.000 %		
	Kabouang %	53.125 %	21.875 %	75.000 %		
Kabouan	Bilang	24	8	32		
	% sa loob ng hilera	75.000 %	25.000 %	100.000 %		
	Kabouang %	75.000 %	25.000 %	100.000 %		

Makikita sa talahanayan 5 na ginamit ang Cramer's V (*chi-square test of independence*) sa pagitan ng bansang pinagmulan at pasalitang komunikatibo. Ipinapakita sa resulta na hindi *significant* ang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol ( $V=0.376$ ,  $\text{sig}=0.060$ ). Ang bansang Ingles ang katutubong wika at bansang hindi Ingles ang katutubong wika ay walang ugnayan sa pagkatuto ng wikang Filipino. Ganun pa man, malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng kasanayan at kaalaman sa wikang Ingles upang magkaunawaan ang mga

banyagang estudyante sa klase sa mga interaktibo o komunikatibong mga gawain dahil iba-iba ang kanilang taal na wika. Tinalakay nina Billings at Walqui (2017), ang tungkol sa unang wikang natutuhan kung saan ito ay maaaring gamitin sa 3 pamamaraan o bilang instrumento sa malalim na pag-unawa sa panibagong wikang pag-aaralan: (1) ang unang wika ay nakatutulong upang magkaroon ng kumbersasyon sa mga kasamahan; (2) nagbibigay pagkakataon sa mga kolaboratibong mga gawain at (3) ang unang wika ay pundasyon bago magsulat ang isang estudyante.

Bagama't hindi unang wika ang Ingles, katumbas naman nito ang gamit bilang unang wika sa pagkatuto ng wikang Filipino sapagkat halos lahat ng estudyante ay mayroong kasanayan at kaalaman sa wikang Ingles sapagkat alam ng mga banyagang estudyante na isa sa mga opisyal na wika ng Pilipinas ay ang Ingles na wika. Mahalagang maging gabay na wika sa pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino ay ang wikang Ingles. Ang guro ay nararapat na isalin sa epektibong pamamaraan ang mga panuto o talakayan sa mga paksa at nararapat ding magamit ang ang wikang Ingles bilang instrumento upang magamit din ang wikang Filipino sa proseso ng pagkatuto.

## Talahanayan 6

### *Chi-square Statistics Correlation sa pagitan ng Tagal o Taon sa Pilipinas at Pasalitang Komunikatibo*

Tagal o Taon sa Pilipinas		Di-Gaanong Mahusay	Mahusay	Total	<i>p-value</i>	Cramer's V
1-4.5 taon	Bilang	12	1	13	0.024	7.458
	% sa loob ng hilera	92.308 %	7.692 %	100.000 %		
	Kabouang %	38.710 %	3.226 %	41.935 %		
4.5-8.5 taon	Bilang	6	1	7		
	% sa loob ng hilera	85.714 %	14.286 %	100.000 %		
	Kabouang %	19.355 %	3.226 %	22.581 %		
higit 8.5 taon pataas	Bilang	5	6	11		
	% sa loob ng hilera	45.455 %	54.545 %	100.000 %		
	Kabouang %	16.129 %	19.355 %	35.484 %		
Total	Bilang	23	8	31		
	% sa loob ng hilera	74.194 %	25.806 %	100.000 %		
	Kabouang %	74.194 %	25.806 %	100.000 %		

Ang Talahanayan 6 ay naglalahad sa kaugnayan sa pagitan ng tagal o taon ng pananatili ng mga banyagang estudyante sa Pilipinas at pasalitang komunikatibo. Ipinapakita sa resulta na mayroong *significant* at malakas na relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol ( $V=7.458$ ,  $\text{sig}=0.024$ ). Nangangahulgan na ang balyu ng Cramer's V na 0.50 pataas ay malakas na kaugnayan. Sa pagsusuri sa *crosstabulations*, mayroong malaking bilang o *frequency* ng indibidwal na 1 hanggang 4.5 taong pananatili sa Pilipinas na nakakuha ng puntos na **di-gaanong mahusay** sa pasalitang komunikatibo. Para naman sa nakakuha ng puntos na **mahusay**, ang pinakamaraming *frequency* ay nasa respondente na nanatili sa Pilipinas na higit 8.5 taon pataas. Sa kabuuan, mas mahaba ang panahon ng pananatili sa Pilipinas, ay mas mahusay ang antas ng pasalitang komunikatibo.

Ang tagal o taon ng pananatili ng mga banyagang estudyante sa Pilipinas ay mayroong kaugnayan sa kahusayan nila sa pasalitang komunikatibo kaya mainam na ang antas ng kahirapan ng mga gawain sa mga banyagang estudyante na mas mahabang nanatili sa Pilipinas ay mataas upang mas mapalawak pa nila ang kaalaman at kasanayan sa wikang Filipino. Dapat namang mas babaan ng guro ang antas ng kahirapan sa mga gawain para sa mga banyagang estudyante na bago pa lang ang pananatili sa Pilipinas.

## Talahanayan 7

### *Chi-square Statistics Correlation sa pagitan ng Wikang Nauunawaan at Sinasalita sa Pasalitang Komunikatibo*

Wikang nauunawaan at sinasalita		Di-Gaanong Mahusay	Mahusay	Total	<i>p-value</i>	Cramer's V
monolingguwal	Bilang	1	0	1	0.805	0.433
	% sa loob ng hilera	100.000 %	0.000 %	100.000 %		
	K Kabouang %	3.125 %	0.000 %	3.125 %		

Komunikatibong kompetensi ng mga banyagang estudyante: *Lesson Exemplar*

bilingguwal	Bilang	13	5	18
	% sa loob ng hilera	72.222 %	27.778 %	100.000 %
	Kabouang %	40.625 %	15.625 %	56.250 %
multilingguwal	Bilang	10	3	13
	% sa loob ng hilera	76.923 %	23.077 %	100.000 %
	Kabouang %	31.250 %	9.375 %	40.625 %
Total	Bilang	24	8	32
	% sa loob ng hilera	75.000 %	25.000 %	100.000 %
	Kabouang %	75.000 %	25.000 %	100.000 %

Inilalahad sa Talahanayan 7 ang kaugnayan sa pagitan ng wikang nauunawaan at sinasalita sa pasalitang komunikatibo. Ipinapakita sa resulta na hindi *significant* ang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol ( $V=0.433$ ,  $\text{sig}= 0.805$ ). Makikita rin na malaking bilang ng monolingguwal, bilingguwal at multilingguwal ay nasa hanay ng di-gaanong mahusay sa antas ng pasalitang komunikatibo. Sa pangkalahatang resulta ay hindi man *significant* ang relasyon ng dalawang baryabol ay pinapatunayan pa rin nito na lahat ng banyagang respondente ay mayroong pagkakataon na maging mahusay sa pasalitang komunikatibo sa wikang Filipino sapagkat nahahanay sila sa di-gaanong mahusay.

#### 4.5 Kaugnayan ng Eksposyur sa Pasalitang Komunikatibo


Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng kaugnayan ng eksposyur at pasalitang komunikatibo kung saan *significant* at mayroong *moderate correlation* sa pagitan ng eksposyur sa wikang Filipino at antas ng pasalitang komunikatibo ( $\rho=.402$ ,  $p<.05$ ).

#### Talahanayan 8

##### *Chi-square Statistics Correlation sa pagitan ng Eksposyur at Antas ng Pasalitang Komunikatibo*

			n	Spearman's rho		p
Eksposyur	-	Antas	32	0.402	*	0.022

Ibig sabihin nito ay mayroong epekto ang eksposyur upang malinang at matuto ang banyagang estudyante sa wikang Filipino. Sa larangan ng pagtuturo ay nararapat na gumamit ng mga gawaing pampagkatuto na ibibigay upang magkaroon ng mga pagkakataon na magkaroon ng eksposyur sa target na wika ang estudyante.



Figyur 1 Chi-square Statistics Correlation sa pagitan ng Eksposyur at Antas ng Pasalitang Komunikatibo

Batay sa Figyur 2, nagbibigay ng implikasyon na ang pagtaas ng eksposyur sa wikang Filipino ay magbubunga ng katamtamang pagtaas din ng antas ng pasalitang komunikatibo sa wikang Filipino. Sumasang-ayon ang pag-aaral nina Salas at Legaspi (2020), na kung saan napatunayan na mayroong kaugnayan ang eksposyur sa wika sa kawastuhan ng paggamit sa gramatika. Binigyang-diin sa pag-aaral na nararapat magkaroon ng eksposyur ang mga estudyante sa lugar na tama ang pagkakagamit ng wikang Filipino sa aspeto

ng pagsusulat at pagsasalita. Ang eksposyur sa wikang Filipino ay hindi lamang upang magkaroon ng kaalaman ukol rito bagkus ito ay nagbibigay pagkakataon na magamit ang wika sa lipunan. Sa nakalap na datos ni Madden, Kim at Lo (2015), natukoy na mayroong nangyayaring pakikiisa ang mga estudyante sa mga gawaing ginagamitan ng wika ang mga banyagang estudyante pagkatapos ng klase. Ang eksposyur sa wika na ito ay pagpapaunlad ng komprehensiyon sa pakikinig ng mga estudyante at nakatutulong ito upang maging mabisa ang pagkatuto nila target na wika.

Sa kabuoan, ang mga eksposyur sa wika sa labas ng klase ay kapaki-pakinabang bilang pundasyon sa pormal na pagkatuto ng wikang Filipino. Hindi man lahat ay natutuhan sa mga eksposyur sa wika ng mga banyagang estudyante ay maaari nila itong pagsamahin at pag-ugnayin upang maging gabay sa pagkatuto nila sa loob ng silid-aralan. Mahalaga ang gabay na ibibigay ng guro upang maturuan ang mga banyagang estudyante ng mga estilo na magpapataas ng eksposyur sa wikang Filipino, sapagkat ang pagtaas ng eksposyur ay magbubunga ng epektibong pagkatuto sa wikang Filipino.

## 5. Kongklusyon

Pagkatapos ng masinsinang pagtatasa sa mga datos, natuklasan na mas nakakalamang ang bilang ng mga lalaking respondente sa mga babaeng respondente. Natuklasan din na ang mga banyagang estudyante ng Cebu Doctors' University ay nagmula sa iba't ibang bansa at malaking bilang dito ay nagmula sa hindi Ingles ang katutubong wika. Ang tagal o taon ng mga respondente naman sa Pilipinas ay nadiskubreng ang may pinakamataas na bilang ay ang 1 hanggang 4.5 taon. Sa wikang nauunawaan at sinasalita ay pinangkat ang mga datos monolingguwal, bilingguwal at multilingguwal at naitala na ang pinakamataas ay ang bilingguwal na kinabibilangan ng 18 na banyagang estudyante. Ang kabouang eksposyur sa wikang Filipino ng mga banyagang estudyante ay kaunti lamang samantalang ang kabouang antas ng komunikatibong kompetensi ay mahusay sa pamamagitan ng pagbabasa sa talumpati. Sa pamamagitan *Chi-square Statistics Correlation* ay nadiskubre na walang kaugnayan at hindi *significant* ang kasarian at .bansang pinagmulan ng mga banyagang estudyante mula sa taglay na antas ng komunikatibong kompetensi. Sa kabilang banda, mayroong kaugnayan at kabuluhan ang tagal o taon ng pananatili sa Pilipinas ng mga banyagang estudyante sa angking taglay na antas ng komunikatibong kompetensi na nangangahulugang mas mahaba ang panahon ng pananatili sa Pilipinas, ay mas mahusay ang komunikatibong kompetensi sa Filipino. Nagpapakita rin ng kaugnayan ang eksposyur sa pagitan ng pasalitang komunikatibo na ang pagtaas ng eksposyur sa wikang Filipino ay magbubunga ng katamtamang pagtaas din ng antas ng pasalitang komunikatibo sa wikang Filipino. Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay ginamit upang makabuo ng isang *lesson exemplar* na tutulong sa mga banyagang estudyante upang epektibong maituro ang wikang Filipino sa kolehiyo at *Senior High*.

Bilang kongklusyon, batay sa mga natuklasan, napatunayan ang pangangailangan ng guro ng kaalaman tungkol sa antas ng pasalitang komunikatibo at eksposyur sa wika mula sa tinuturuang banyagang estudyante upang maibigay ang epektibong gawaing pampagkatuto sa pamamagitan ng modipikasyon batay sa pagsasaalang-alang sa antas ng kasanayan at kaalaman ng itinuturong wika.

**Rekomendasyon** - Batay sa mga natuklasan, ninanais ng pananaliksik na ito na makatulong sa pamamagitan ng sumusunod na rekomendasyon: (1) Paghahanda ng sarbey at/o tseklist ng guro na magiging instrumento upang makapagsagawa ng *profiling* bago magsimula ang pormal na klase nang sa gayon ay magkaroon siya ng impormasyon tungkol sa pinanggalingang bansa at mga alam na wika ng mga banyagang estudyante. (2) Pagsasagawa ng interbyu sa bawat estudyante upang magkaroon ng masusing pagsusuri sa kanilang eksposyur sa wikang Filipino na siyang tutulong sa guro upang mas mapataas ang eksposyur sa wikang itinuturo; (3) Paghahanda ng tseklist at pagpapabasa ng maikling talumpati sa bawat banyagan estudyante upang masuri ang tungo sa pagsusuri sa kanilang antas ng pasalitang komunikatibo na magiging gabay upang makapangalap ng impormasyon ang guro kung anong mga paksa ang dapat bigyang-diin sa klase. (4) Magkaroon ng buwanang *Focus Group Discussion* (FGD) upang malaman ang mga personal na pagsubok ng mga banyagang estudyante sa pagkatuto ng wikang Filipino upang mabigyan ito ng solusyon. (5) Bumuo ng epektibong banghay-aralin na

pinapalooban ng gawaing pampagkatuto na magtuturo ng kasanayan sa pag-alam ng mga salita at gawing batayan ang mga dulog at estrathiya sa paglinang ng komprehensyon sa mga babasahing panitikan ng mga banyagang estudyante; (6) Hikayatin ang mga banyagang estudyante na makipag-usap sa mga kamag-aral ng Pilipino sa wikang Filipino sa pamamagitan ng iba't ibang gawaing pagkatuto upang unti-unting mapayaman ang kanilang bokabularyo at mahasa ang kanilang sarili sa pagbigkas dito; (7) Gamitin ng mga guro o propesor ang *Lesson Exemplar* na awtput bilang gabay sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga banyagang estudyante.

## 6. Sanggunian

- Agu, I. (2017). Gender and language acquisition. International institute for science, technology and education (iiste): E-Journals, Vol.4(No.19). <https://core.ac.uk/download/pdf/234674126.pdf>
- Al-Zoubo, S. M. (2017). The impact of exposure to english language on language acquisition. *Journal of applied linguistics and language research*, Volume 5(Issue 4, 2018, pp. 151–162).
- Badayos, P. (2008). Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa filipino mga teorya, simulain at istrathiya (Ikalawang). Mutya Publishing House, Inc.
- Canale, M., & Swain, M. (1980). *Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing*. *Applied Linguistics*, 1(1), 1–47. <https://doi.org/10.1093/applin/i.1.1>
- Executive Order No. 285, s. 2000 | GOVPH. (2000, September 4). Official Gazette of the Republic of the Philippines. <https://www.officialgazette.gov.ph/2000/09/04/executive-order-no-285-s-2000/>
- Hariry, N. a. E. (2015). Mobile phones as useful language learning tools. *European Scientific Journal, ESJ*, 11(16). <https://ejournal.org/index.php/esj/article/view/5870>
- Koo, T. K., & Li, M. Y. (2016). A guideline of selecting and reporting intraclass correlation coefficients for Reliability Research. *Journal of Chiropractic Medicine*, 15(2), 155–163. <https://doi.org/10.1016/j.jcm.2016.02.0>
- Magno, C. (2009). Assessing the level of English language exposure of Taiwanese college students in Taiwan and the Philippines [Review of Assessing the level of English language exposure of Taiwanese college students in Taiwan and the Philippines]. *Asian EFL Journal*.
- Nair, M. (2022, July 13). How can learning English as a foreign language benefit you? University of the People. <https://www.uopeople.edu/blog/english-as-a-foreign-language/>
- Narag-Maguddayao, R. (2017). Communicative competence: a factor to effective intercultural communicative competence for efl learners in the medical pedagogy. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences* Impact Factor: 6, 943(11).
- Taylan, D. (2017). Pagtuturo ng filipino sa mga banyaga tungo sa pagpapahalagang pangkultura. *Kawing 1.1* (2017): 85-93. Retrived from: <https://psllf.files.wordpress.com/2017/07/d-r-taylan-kawing-1-1.pdf>.
- Ward, C. (2001). The impact of international students on domestic students and host institutions. Retrieved from: [https://www.educationcounts.govt.nz/publications/international/the\\_impact\\_of\\_international\\_students\\_on\\_domestic\\_students\\_and\\_host\\_institutions](https://www.educationcounts.govt.nz/publications/international/the_impact_of_international_students_on_domestic_students_and_host_institutions)
- Why You Should Learn a Second Language and Gain New Skills | Middlebury Language Schools. (2022, November 14). *Middlebury Language Schools*. <https://www.middlebury.edu/language-schools/blog/why-you-should-learn-second-language-and-gain-new-skills>

